## BENEPISYO NG URBAN AGRICULTURE

- Sumasagot sa kakulangan ng suplay ng pagkain
- Nakakatulong sa seguridad sa pagkain ng bawat komunidad kasabay ang pagbibigay ng mainam na kalusugan sa mga tao
- Nababawasan ang kahirapan ng mga pamilyang walang sapat na kita; nagsisilbing pamamaraan upang makakain sila nang tama sa buong araw
- Nagbibigay ng dagdag na kita/alternatibong kabuhayan sa mga raga-lungsod
- Pagkakaroon ng mga organikong pagkain mula sa bunga ng mga itinanim
- Humihikayat sa mga mamimili na kumain ng mga natural at masustansyang pagkain




DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898
REGION IV
CALABARZON

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Department of Agriculture
IV-CALABARZON

**High Value Crops Development Program**

Lipa Agricultural Research and Experiment Station (LARES), Brgy. Maraouy, Lipa City, Batangas
hvcdpcalabarzon@gmail.com
hvcdp@calabarzon.da.gov.ph

REGIONAL AGRICULTURE AND FISHERIES INFORMATION SECTION
2021

DA4CALABARZON
DA4_CALABARZON
RAFIS@CALABARZON.DA.GOV.PH
CALABARZON.DA.GOV.PH
DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A



# GABAY SA URBAN AGRICULTURE

## URBAN AGRICULTURE

Ito ay tumutukoy sa pamamaraan ng pagtatanim at pagpapalaki ng iba't-ibang uri ng halaman, gulay, at prutas sa loob ng isang bayan o lungsod.



## KATANGIAN NG URBAN AGRICULTURE

- Simple at madaling gawin
- Epektibo sa mga lugar na iilan na lamang ang mga lupang maaaring pagtaniman nang dahil sa modernisasyon
- Isinasaalang-alang ang potensyal ng mga bakanteng lupa upang pagtamnan
- Hinihikayat ang pagbuo/paggamit ng mga bagong diskarte sa pagsasaka katulong ang teknolohiya.



## MGA BAGAY NA DAPAT ISAALANG-ALANG SA PAGTATANIM

### Lupa

- Ang matagumpay na paghahalaman ay nakasalalay sa uri ng lupang tataniman. Pinaka-angkop na pagtaniman ang *loam* na uri ng lupa dahil ito ay buhaghag, magaan, at madaling bungkalin kaysa sa luwad o buhangin. Sa lupa kumukuha ng kinakailangang tubig at sustansya ang halaman para sa normal nitong paglaki.



### Pananim

- Piliing mabuti ang buto, binhi, o punla ng mga halamang gagamitin sa pagtatanim na naaayon sa espasyo, kagamitan, at kakayanan ng magtatanim.




### Tubig

- Nagsisilbing *solvent* ang tubig sa pananim dahil nakakatulong itong maghatid ng sustansyang kailangan ng halaman. Tubig din ang nagpapa-baba ng temperatura ng isang halaman upang ito ay mabuhay sa sobrang init na klima. At higit sa lahat, nakakatulong ang tubig sa paglaki ng mga buti ng bawat pananim.



### Sikat ng Araw

- Ang sikat ng araw ay nakakatulong sa mga dahon ng gulay o pananim na makagawa ng sariling pagkain o sustansya *(photosynthesis)*. Mahalaga ang sikat ng araw upang makaani ng may kalidad na uri ng gulay o pananim.

